

Linguistic Skills, Sociolinguistic Abilities, and Communicative Proficiency of Senior High School Students

MERIEN L. ALO

Filamer Christian University
malalo565@gmail.com

Abstract

This mixed-method research was conducted to determine the level of linguistic skill, sociolinguistic ability, and communicative proficiency of Senior High School students. To measure students' linguistic skills, data were collected using a 25-item assessment of vocabulary skills and a 25-item assessment of grammar skills that the researcher personally created; questionnaire on sociolinguistic ability, which consists of 10 items on discursive ability and 10 items on strategic ability personally created by the researcher; and one (1) set of question for assessing oral communication to measure communicative proficiency. Another instrument that will be used in this study is the Focus Group Discussion (FGD) guide. The FGD served the purpose to validate the results of the survey and to give multiple and meaningful interpretations to the data gathered. The researcher used statistical tools to analyze the descriptive data such as frequency count, percentage, mean, standard deviation, one way analysis of variance (ANOVA) and Pearson r and alpha level set at .05. The findings of this study show that the level of linguistic skills based on vocabulary skills and grammar skills of senior high school students is "high". The level of sociolinguistic ability based on discursive ability and strategic ability is "high". Also, the level of communicative proficiency based on students' oral communication is "moderate". It was also found that there was "no significant difference" in communicative efficiency between the students' level of linguistic skills. Meanwhile, "there is a significant difference" in communicative efficiency with the level of sociolinguistic ability. It was also found that "there is a significant relationship" between linguistic skills and sociolinguistic ability; "no significant relationship" between linguistic skills and communicative efficiency; and "there is a significant relationship" between sociolinguistic ability and communicative efficiency of senior high school students.

Keywords: linguistic, sociolinguistic, communicative

Kasanayan sa Linggwistika, Kakayahang Sosyolinggwistiko, at Komunikatibong Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School

MERIEN L. ALO

Filamer Christian University
malalo565@gmail.com

Abstrak

Ang mixed-method na pananaliksik na ito ay isinagawa upang tukuyin ang antas ng kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko, at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa Senior High School. Upang sukatin ang kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral, ang mga datos ay kinolekta gamit ang 25 aytem na pagtataya sa kasanayang bokabularyo at 25 aytem na pagtataya sa kasanayang gramatika na personal na ginawa ng mananaliksik; talatanungan sa kakayahang sosyolinggwistiko, na binubuo ng 10 aytem sa kakayahang diskorsal at 10 aytem sa kakayahang estrategik na personal na ginawa ng mananaliksik; at isang (1) set na katanungan para sa pagtataya sa oral na komunikasyon upang sukatin ang komunikatibong kahusayan. Ang isa pang instrumento na gagamitin sa pag-aaral na ito ay ang gabay na Focus Group Discussion (FGD). Ang FGD ay nagsilbi sa layunin upang patunayan ang mga resulta ng survey at upang bigyan ng marami at makabuluhang interpretasyon ang mga nakalap ng datos. Ang mananaliksik ay gumamit ng kagamitang pang-istadistika sa pagsusuri ng palarawang datos tulad ng frequency count, percentage, mean, standard deviation, one way analysis of variance (ANOVA) at Pearson r at alpha level na nakatakda sa .05. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang antas ng kasanayan sa linggwistika batay sa kasanayang bokabularyo at kasanayang gramatika ng mga mag-aaral sa senior high school ay “mataas”. Ang antas ng kakayahang sosyolinggwistiko batay sa kakayahang diskorsal at kakayahang estrategik ay “mataas”. Gayundin, ang antas ng komunikatibong kahusayan batay sa oral na komunikasyon ng mga mag-aaral ay “katamtaman”. Natuklasan din na “walang makabuluhang pagkakaiba” sa komunikatibong kahusayan sa pagitan ng antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral. Samantala, “mayroong makabuluhang pagkakaiba” ang komunikatibong kahusayan sa antas ng kakayahang sosyolinggwistiko. Nakita rin na “mayroong makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko; “walang makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan; at “may makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kakayahang sosyolinggwistiko at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school.

Susing salita: linggwistika, sosyolinggwistiko, komunikatibo

Introduksyon

<https://ijase.org>

Isang mahalagang yaman ng bansa ang wika. Ito ang nagsisilbing salamin ng kultura, kasaysayan, at pagpapahalaga ng isang bansa. Maliban dito, napatunayan na rin ang halaga ng wika upang mas mapaunlad pa ang pamumuhay ng mga mamamayan. Dahil kasi sa wika, maayos ang palitan ng mga ideya na mahalaga naman upang mapanatili ang pag-unlad.

Kalaunan, ang wika ay naging isang mahalagang paksa na rin ng pag-aaral sa mundo. Mas mapalawig ang kaalaman sa wika at kung paano pa mas magiging mabisang sandata ito upang mas mapaunlad pa ang buhay. Ang wika ay mahalagang bahagi ng buhay dahil dito nabubuo ang mas mabisang unawaan ng mga tao. Upang magkaroon nang maayos na buhay, kinakailangan ng pagkakaisa at komunikasyon na nagiging posible dahil sa wikang ginagamit.


Wika ang sentro ng pakikipag-ugnayan sa bawat lipunan, anuman ang lokasyon at yugto ng panahon. Wika rin ang humuhubog sa mga pakikipag-ugnayan sa lipunan at ang mga pakikipag-ugnayang panlipunan ang humuhubog sa wika. Dapat isaalang-alang ang pagtuturo, pag-aaral ng wika, kontekstong sosyo-kultural at mga pagkakaiba-iba dahil naiimpluwensyahan ito ng tagumpay ng pag-aaral ng isang wika.

Ang pag-aaral na ito, samakatuwid, ay naglalayong ipakita ang mga isyu sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa pananaw at kaalaman ng mga mag-aaral sa mga kasanayan sa linggwistika bilang bahagi ng kakayahang sosyolinggwistiko at mga komunikatibong kahusayan sa mga silid-aralan. Nakabatay sa kontekstong binanggit, hinugot ng pag-aaral na ito ang pananaliksik mula sa penomena ng kasanayan sa linggwistika kaugnay ng iba pang mga baryabol tulad ng kakayahang sosyolinggwistiko at komunikatibong kahusayan.

Sa pag-iisip ng mga nabanggit na konsepto, sinubukan ng pananaliksik na tukuyin ang mga antas ng kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko at komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa senior high school. Sinuri din nito ang mga pagpapalagay sa mga ugnayan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko sa mga komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral.

Sa ganitong diwa, nagpasya ang mananaliksik na gawin ang pag-aaral na ito at isinasaalang-alang ang mahalagang baryabol tulad ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko na kanyang ipinapalagay na maaaring nakaimpluwensya sa mga komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa sekondarya.

Ang pigura 1 sa ibaba ay nagpapakita ng kaugnayan ng mga baryabol sa pag-aaral.



Kakayahang Sosyolinggwistiko

- Kakayahang Diskorsal
- Kakayahang Estrategik

Pigura 1. Ipinapakita rito ang mga Komunikatibong Kahusayan na Naiimpluwensyahan ng Kasanayan sa Linggwistika at Kakayahang Sosyolinggwistiko ng mga Mag-aaral sa Sekondarya

Paglalahad ng Suliranin

Ang pagsisiyasat na ito ay upang tukuyin ang antas ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko kaugnay ng mga komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school na kung saan hinangad ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral batay sa kasanayang bokabularyo, at kasanayang gramatika?
2. Ano ang antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ng mga mag-aaral batay sa kakayahang diskorsal, at kakayahang strategik?
3. Ano ang antas ng komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral batay sa oral na komunikasyon?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school sa pagitan ng mga antas ng kasanayan sa linggwistika?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa mga komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school sa pagitan ng mga antas ng kakayahang sosyolinggwistiko?
6. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko, at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school?

Mga Kaugnay na Literatura

Ang mga kasanayan sa linggwistika na binibigyang-diin ni Chomsky na binanggit nina Phillips & Tan (2014), ay ang mainam na sistema ng wika na ginagawang posible para sa mga tagapagsalita na makabuo at maunawaan ang isang walang katapusang bilang ng mga pangungusap sa kanilang wika, at upang makilala ang mga pangungusap na gramatikal mula sa mga pangungusap na hindi gramatikal. Ang konsepto ay ipinakilala noong 1965 upang matugunan ang ilang mga pagpapalagay tungkol sa wika. Ang mga kasanayan sa linggwistika ay nauugnay din sa mga kakayahan sa impormasyon, dahil ang tamang pagsulat ng mga siyentipikong dokumento at ang paglalarawan ng mga natuklasan sa pananaliksik ay nangangailangan ng pagpapakita ng impormasyon sa paghahanap, pagpili, pagsasama-sama, at pagproseso ng mga kakayahan, na sinusuportahan sa pag-unawa at paggawa ng mga siyentipikong teksto para sa magkakaibang mga madla. Ang mga kakayahan sa wika ay nagsasangkot ng isang hanay ng mga kasanayan, kaalaman, at mga saloobin na magkakaugnay at kapwa suportado upang magsagawa ng isang matagumpay

na komunikasyong pang-agham na maaaring nakalaan sa iba't ibang mga komunidad o madla (siyentipiko o pangkalahatang publiko), na makakaunawa sa nakipag-usap ng kaalaman at kahit na gamitin ito, sa kondisyon na ang mga ito ay wastong na magkatoto mula sa linggwistikong pananaw (Richards, 2014).

Ang pag-aaral ni Gascoigne na binanggit ni Abdulrahman (2019), ay nagsiwalat na ang pagtuon sa anyo, mga tuntunin sa gramatika, pagbabaybay at bantas ay direktang nakaugnay sa matagumpay na pagkumpleto ng mga aktibidad sa pagpuno ng mga puwang na hindi nakasalalay sa konteksto. Gayunpaman, si López na tinuran sa pag-aaral nina Abdulrahman at Abu-Ayyash (2019), sa kanyang correlation na pag-aaral, ay dumating sa konklusyon na ang gramatikong kasanayan lamang ay hindi sapat upang mahulaan ang mga kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga salik na nauugnay sa mambabasa, ang teksto, at ang layunin ng pagbabasa ay susi sa matagumpay na pag-unawa sa pagbasa.

Ang pagpapabuti ng kasanayan sa bokabularyo sa mga mag-aaral sa Filipino ay isang hamon na kinakaharap ng maraming paaralan. Maraming problema at limitasyon ang naiugnay sa mga salik na nag-aambag sa antas. Ang bahagi na ito ay isang kahinaan sa loob ng ilang panahon. Ang ilang mga mananaliksik halimbawa, ay walang magandang impormasyon ng tagumpay ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng bokabularyo at iba pang kasanayan sa wika kung saan kailangan ang bokabularyo. Ang ilan ay kahit na walang impormasyon tungkol sa mga indibidwal na lakas at kahinaan sa wika ng mag-aaral (Josue, 2020).

Nangatwiran naman si Alqahtani (2015), na ang pagkakaroon ng isang sapat na bokabularyo ay mahalaga para sa matagumpay na paggamit ng wikang Filipino. Dahil kung walang malawak na bokabularyo, hindi magagamit ng isang nag-aaral ng wika ang mga istruktura at tungkulin na maaaring natutunan natin para sa mauunawaang komunikasyon. Sinabi ni Alqahtani (2015) na walang gaanong halaga sa paggawa ng mga gramatikal na pangungusap kung hindi nakuha ng isa ang bokabularyo na kailangan upang maihatid ang nais sabihin. Habang walang gramatika napakakaunting maiparating, kung walang bokabularyo ay walang maiparating.

Ang kakayahang sosyolinggwistiko ay maaaring tukuyin nang simple bilang pag-alam at pag-unawa kung paano magsalita dahil sa mga kalagayan mo tulad ng katayuan ng mga kalahok, ang mga layunin ng pakikipag-ugnayan, at ang mga pamantayan o kumbensyon ng mga pakikipag-ugnayan (Schroeder na binanggit nina Martinez at De Vera, 2019). Sinabi ni Ya na binanggit ni Obi (2020), na ang isa sa mga salik na nagpapahirap sa sosyolinggwistikong kakayahan ay ang pagkakaiba-iba sa mga alituntuning pangkultura sa pagsasalita gayundin ang mga elementong panlipunan, kultural at pragmatikong likas na umiiral sa kakayahang iyon. Upang ilagay ito sa ibang paraan, kung ano ang naaangkop sa isang kultural na sitwasyon ay maaaring ganap na hindi naaangkop sa isa pa. Ang nag-aaral ng wika ay kadalasang hindi makakapag-iba sa pagitan ng mga tuntunin ng pagsasalita ng kanyang katutubong konteksto at ng mga nasa target na konteksto.

Ayon kay Dell Hymes (binanggit ni Gumperz, sa pag-aaral nina Martinez at De Vera, 2019) sa kanyang aklat na *Language in Social Groups*, ay nagsasaad na ang mga structural abstraction ng

isang barayti ng wika mula sa mga kumplikadong barayti ay maaaring kumatawan sa gawi ng pagsasalita ng isang komunidad. Ipinapaliwanag ng pagsusuring ito na ang kultura ng isang partikular na komunidad ay nakasalalay sa uri ng wikang kanilang ginagamit. Kaya, mas simple ang wika, mas primitibo ang kanilang paraan ng pamumuhay.

Ang isa pang salik ng kakayahang sosyolinggwistiko ay ang pagkakaiba-iba ng intra-wika. Ayon kay Jakobson, na binanggit ni Gumperz (2011) at Martinez at De Vera (2019) ay nagsasaad na ang isang bilang ng mga iskolar ay "itinuturing ang komunikasyong pangwika sa loob ng isang komunidad ng pagsasalita, bilang isang magkakaugnay na sistema ng mga subcode." Ang pahayag na ito ay naghihinuha na ang pagiging kumplikado ng linggwistika sa loob ng isang partikular na lipunan ay mauunawaan sa mga tuntunin ng ugnayan ng magkakaibang mga sistema ng iba't ibang lawak. Ipinapahiwatig lamang nito na ang pagiging kumplikado ng wika ay natutukoy sa pamamagitan ng pagiging kumplikado ng lipunan.

Samantalang, si Ismail (2013), sa kanyang nagtapos na thesis sa exposure, attitudes, motivation and achievement in Filipino among High School Learners: isang socio-psycholinguistic na pag-aaral ay naglalayong siyasatin ang pamantayan ng kakayahan at ang antas ng ilang mga variable ng mag-aaral na nakakaapekto sa kakayahan sa mga mag-aaral ng Filipino at ang lakas ng ugnayang iyon. Sa kasamaang palad, ang kanyang pag-aaral ay nagpapakita na ang mga resulta ay hindi palaging nagpapakita ng mataas na ugnayan. Kaya, ang mga baryabol ng mag-aaral na ginamit sa kanyang pag-aaral ay hindi gaanong kapansin-pansin bilang mga prediktor ng sosyolinggwistikong kakayahan.

Ang isyu ng kawalan ng kakayahan ng mga guro sa sosyolinggwistikong kakayahan ay kailangang matugunan ng sapat. Ito ay makakamit lamang sa wastong pagpapalano ng pagtuturo ng kakayahang ito sa mga guro o pag-aalok sa kanila ng mga pagkakataon kung saan sila ay nakikipag-ugnayan sa mga katutubong nagsasalita ng Filipino upang pagyamanin ang isang kritikal na pag-unawa sa kultura ng Filipino at nauugnay na paggamit ng wika. Ang mga naiulat na problema ay maaari ding makamit sa pamamagitan ng pagbabago ng kurikulum at mga syllabus na sinusunod sa paraang sumusuporta sa pagtuturo ng kakayahang ito. Ang mga natuklasan mula sa qualitative data ay tutugunan din ang mga salik na sinasabing nagbibigay ng mga hamon sa pag-unlad ng sosyolinggwistiko na kakayahan sa mga mag-aaral (Martinez at De Vera, 2019).

Sa kabilang dako, ang terminong "kahusayan" ay nagmula sa konsepto ng "pagganap" na unang iminungkahi ni Chomsky noong 1960s. Ang una ay ang linggwistika na kaalaman ng katutubong tagapagsalita, isang likas na bayolohikal na katungkulan ng isip na nagbibigay-daan sa tagapagsalita na bumuo ng hindi tiyak na hanay ng mga gramatikal na pangungusap na bumubuo sa target na wika habang ang huli ay ang aktwal na paggamit ng wika sa mga kongkretong sitwasyon. Sa madaling salita, sinabi ni Hymes na ang mga kasanayan sa komunikasyon ay kinabibilangan ng mga sumusunod: kung ano ang pormal na posible, kung ano ang magagawa, ano ang panlipunang kahulugan o halaga ng isang binigay na pagbigkas, at kung ano ang aktwal na nangyayari.

Ang mga kasanayan sa komunikasyon ay palaging layunin ng bawat silid-aralan ng wika kung saan ang mga tagubilin ay nakatuon sa mga bahagi sa organisasyon, pragmatiko, sistematiko at psychomotor (Brown na binanggit ni Lasala 2013). Idiniin pa ni Lasala (2013) mula kay Brown na ang tunay na wika at mga gawain sa totoong mundo ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makita ang kaugnayan ng aktibidad sa silid-aralan sa kanilang pangmatagalang layunin sa komunikasyon sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga natural na teksto sa halip na mga artipisyal na kung saan ang mga mag-aaral ay mas madaling sumisid sa ang aktibidad at ang mga layuning ito sa pakikipagtalastasan ay pinakamahusay na makakamit kung ang sapat na atensyon ay ibibigay sa paggamit ng wika at hindi lamang sa paggamit, sa katatagan at hindi lamang kawastuhan, sa makatotohanang wika at mga konteksto at sa kung paano inilalapat ng mga mag-aaral na ito ang pagkatuto sa mga totoong sitwasyon sa buhay.

Sinabi ni Tongco, tulad ng binanggit ni Prejoles (2017) sa kanyang pag-aaral, na ang mga paghihirap sa oral na komunikasyon ay patuloy na nagdudulot ng hamon sa mga guro ng wika at sa nakalipas na ilang taon, ang mga tagapagturo at mga espesyalista sa wika ay naghanap ng mga paraan upang gawing makabuluhan at epektibo ang pagtuturo ng wika. Naniniwala si Freeman, tulad ng binanggit ni Prejoles (2017), na ang kakayahan sa pakikipagtalastasan ay mapapabuti kung ang mga mag-aaral ay iparamdam na sila ay nagtatrabaho sa mga kasanayan sa pakikipagtalastasan, na nagsasanay ng ilang mga tungkulin sa loob ng kontekstong panlipunan, hindi lamang sa pag-iipon ng kaalaman sa bokabularyo at mga istruktura sa antas ng pangungusap.

Ang epektibong oral na komunikasyon ay itinuturing na isa sa mga nangungunang kasanayan na kailangang taglayin ng isang empleyado sa lugar ng trabaho. Ang oral na komunikasyon ay ang paraan kung saan tayo nakikipag-usap sa iba sa isang malawak na saklaw ng panlipunang kalagayan, halimbawa, paglalaro, pagkain ng hapunan, pamimili, at iba pa. Sa anumang kaso, sa kabila ng kapangyarihan nito sa pedagohiya at pagtatasa ng wika, ang pagsasalita ay itinuring na isang hindi materyal na pagbuo na sinusubukang magkonsepto at magsurvey sa isang buo at lehitimong paraan.

Mga Pamamaraan sa Pag-aaral at Metodo

Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay senior high school na mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa probinsiya ng Capiz.

Ang mga kalakok na mag-aaral ay pinili nang random gamit ang stratified proportional sampling sa pamamagitan ng draw lots. Nangangahulugan ito na ang lahat ng mga pangalan ng mga pampublikong mag-aaral sa senior high school ay isinulat sa mga rolyo na piraso ng papel at inilagay sa isang kahon. Mula sa kahon, binunot ang kinakailangang bilang ng mga respondente. Ang pangalan ng mag-aaral na nabunot sa bawat kahon ay nagsilbing mga kalahok ng pag-aaral.

Ginamit ang proportional allocation formula upang makuha ang naaangkop na laki ng sample mula sa iba't ibang paaralang kasangkot sa pag-aaral.

Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglaan nang sapat na oras sa paggawa ng pag-aaral kalakip ang paghahanda ng pagsusulit upang matukoy ang antas ng kasanayan sa linggwistika, talatanungan upang matukoy ang antas ng kakayahang sosyolinggwistiko at rubrik sa pagtataya sa oral na komunikasyon upang matukoy ang komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school. Sumailalim ang mga test aytem sa content faced validity sa tulong ng mga guro sa Filipino at isang panel ng mga eksperto.

Bago ang aktwal na pagsagawa ng pag-aaral, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa Tagapamanihala ng mga Paaralan sa Probinsiya ng Capiz at Lungsod ng Roxas gayundin sa mga punongguro sa pampublikong paaralan sa pamamagitan ng sulat. Matapos ang pag-apruba ng liham, isinagawa ng mananaliksik ang mga pagtataya sa mga target na kalahok. Ang mga kalahok ay bibigyan ng sapat na oras upang masagutan ang mga pagsusulit. Matapos masagot ang lahat ng mga pagtataya, ang mga ito ay kinuha, in-encode sa excel format, itinabulate at sinuri gamit ang Statistical Package for Social Science (SPSS) software.

Para sa qualitative data, isang Focus Group Discussion (FGD) ang isinagawa gamit ang FGD guide. Nagkaroon ng moderator o facilitator na nagsilbing gabay sa mga mahahalagang paksa tungkol sa pananaliksik. Ang Focus Group Discussion ay ginawa sa isang online set-up na nangangahulugan na ang mga mag-aaral ay papasok sa isang virtual na talakayan sa pamamagitan ng Google Meet. Ang mga napag-uusapan sa FGD ay ini-record sa pamamagitan ng isang audio at video recorder gayundin ang mga still photos para sa dokumentasyon.

Paglalahad at Interpretasyon

Kasanayan sa Linggwistika ng mga Mag-aaral sa Senior High School

Ang datos sa Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral sa senior high school. Sa kabuuan, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng “Mataas” na antas ng kasanayan sa linggwistika ($M = 31.27$, $SD = 4.63$).

Talahanayan 1

Mean at Standard Deviation ng Kasanayang Linggwistika

Baryabol	Mean	Deskripsyon	SD
----------	------	-------------	----

<i>Kasanayang Linggwistika</i>	31.27	Mataas	4.63
Pagtataya sa Kasanayang Bokabularyo	15.75	Mataas	3.59
Pagtataya sa Kasanayang Gramatika	15.52	Mataas	3.34

Ang resultang ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa senior high school ay may sapat na kasanayan sa linggwistika. Mayroon silang angking talino at kasanayan sa wastong paggamit ng gramatika at may malawak na kaalaman sa bokabularyo. Alam na ng mga mag-aaral kung paano gamitin ang mga salita at kung ano ang ibig sabihin nito. Mayroon silang malawak na pag-unawa sa mga salitang ginagamit sa pangungusap. Naintindihin nila ang mga salita ayon sa kontekstong kahulugan nito. Marahil sa maayos na pagtuturo ng kanilang guro sa Filipino.

Dagdag pa, ang mga mag-aaral na mahusay sa linggwistika ay may mataas na antas ng pang-unawa pagdating sa pagpapakahulugan ng mga salita, magaling din sila sa pagbuo ng mga pangungusap at mga istruktura nito na kung saan makakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang sarili. Kaya bukas ang kanilang isipan na matuto ng iba pang salita na makadadagdag sa kanilang kaalaman. Bukas din ang kanilang isipan sa pagpapalawak pa ng kanilang kaalaman sa linggwistikang kasanayan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumang-ayon sa Linguistic Competence ni Hymes na binanggit ni Lasala (2013) na kung saan kailangang magkaroon ng malawak na kaalaman sa mga tunog, pagbigkas at mga istruktura ng pangungusap.

Ang resulta ay sinang-ayunan at pinanindigan ng mga tagapagtalakay sa Focus Group Discussion (2023). Malinaw na naipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang mga testimonya:

Tagapatalakay 8: Mahusay ang kasanayan sa linggwistika dahil merong nang angking kaalaman at pinapalawak pa ang angking bokabularyo sa pamamagitan ng pagbabasa. Kinahiligan ang magbasa ng iba't ibang libro kaya maraming mga salita na natutunan na hindi paalam at inalam nito ang kahulugan.

Taliwas naman sa resulta ng pag-aaral nina Sioco at De Vera (2018) na ang malaking mayorya ng mga mag-aaral (90.4 porsyento) ay natagpuang may “Katamtaman” na kakayahan sa gramatika. Ilang bilang lamang ng mga mag-aaral (9.6 porsyento) ang nakaabot sa antas na “Moving patungo sa Mastery”.

Kakayahang Sosyolingwistiko ng mga Mag-aaral sa Senior High School

Ang datos sa Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng kakayahang sosyolingwistiko ng mga mag-aaral sa senior high school. Sa kabuuan, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng “Mataas” na antas ng kakayahang sosyolingwistiko ($M = 3.85$, $SD = 0.88$).

Talahanayan 2

Mean at Standard Deviation ng Kakayahang Sosyolinggwistiko

Baryabol	Mean	Deskripsyon	SD
<i>Kakayahang Sosyolinggwistika</i>	3.85	Mataas	0.88
Kakayahang Diskorsal	3.85	Mataas	0.90
Kakayahang Strategik	3.84	Mataas	0.95

Ang mahusay na antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ng mga mag-aaral sa senior high school ay nangangahulugan lamang na sila ay matatas at may kaalaman sa kakayang diskorsal at kakayahang estratehik kung saan may kakayahang silang manguna sa mga usapan dahil malaya nilang naipahayag ang kanilang saloobin, kaisipan, samu't saring opinyon, kuro-kuro, pananaw at sariling pagpapasya sa kanilang pakikipagkomunikasyon. Sa pamamagitan nito ay nakita ang angking kahusayan ng mga mag-aaral sa pakikipag-ugnayan sa konilang komunidad. Ang paghahanay ng mga ideya, ang pag-ugnay-ugnay ang mga kaisipan at kung paano ito pinag-isa ay nalililang ng maayos at mabuti. Hindi sila nahihiyang makipag-usap sa mga estranghero at marunong silang gumamit nang wastong pananalita at mga pahayag na angkop sa usapang kinabibilangan.

Dagdag pa, ang mga mag-aaral na may kahusayan sa pagpapahayag ng sarili sa isang wika marunong makiisa sa mga talakayan na walang pag-aalinlangan dahil alam niya kung paano gawing interaktibo ang usapan.

Ang sosyolinggwistiko ay may kakayahang umakay din sa mga mag-aaral na magsalita sa angkop na kontekstong panlipunan. Kaya naman, napakahalaga sa mga guro na ipakilala ang sosyolinggwistikong kakayahan sa pamamagitan ng mga materyales sa pagtuturo ng wika upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng kaalaman sa wika at relasyon nito sa kontekstong panlipunan. Maaaring hindi lamang sila tumuon sa kung paano magsalita nang matatas ngunit kailangan din ang pagsasalita nang naaangkop sa sitwasyon.

Bukod dito, ang resulta ay nagpapatunay sa pag-aaral ni Tuan (2017) na nagturo na sa mga tuntunin ng kakayahan sa wika at kahusayan sa diskurso, ang antas ng mga mag-aaral ay binigyang-kahulugan bilang 'Mataas'.

Ito ay sinuportahan ng isa sa tagapagtalakay sa isinagawang FGD (2023) na nagsasabing:

Tagapagtalakay 3: Mahusay dahil may angking kayahan pagdating sa sosyolinggwistika na nagagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Bilang isang mag-aaral, mayroong kakayahang iangkop ang wikang ginagamit batay sa kung sino ang kausap. Iba ibang gamit ng wika ang ginagamit sa pakikipag-usap sa guro, sa nakatatanda, sa kaibigan at sa kaklase.

<https://ijase.org>

Sinuportahan din ito ng isa pang tagapagtalakay sa ginanap na FGD (2023) na:

Tagapagtalakay 6: Maituturing na may kahusayan sa angking kakayahang sosyolinggwistiko dahil marunong makisalamuha kahit na kanino. Bago sumali sa isang usapan ay isinasaalang-alang muna kung ano ang pinag-uusapan.

Komunikatibong Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School

Ang datos sa Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school. Sa kabuuan, napag-alaman na ang mga mag-aaral ay nakakuha ng “katamtaman” na antas ng komunikatibong kahusayan ($M = 20.65$, $SD = 7.35$).

Talahanayan 3

Mean at Standard Deviation ng Komunikatibong Kahusayan

Baryabol	Mean	Deskripsyon	SD
Komunikatibong Kahusayan	20.65	Katamtaman	7.35

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa senior high school ay hindi gaanong bihasa sa pagbigkas ng mga salita sa sinagutang katanungan. Katamtaman lamang ang antas ng pakikipagtalastasan. Marahil nahihya silang magsalita kapag ibang tao ang kanilang kaharap at kausap. Kinakailangan pa nilang pumili ng mga salita na kanilang bibitiwan na ginamit sa panimula, gitna at wakas ng kanilang sagot. Nakulangan sila pagpapaliwanag at hindi gaanong sapat ang kanilang kaalaman at ideya sa pagsagot sa tanong na ibinigay sa kanila. Limitado lamang ang paggamit ng mga salita, parirala, at mga pahayag upang masuportahan ang kanilang mga proposisyon o kanilang husga bilang sagot sa kanilang panig. Pahapyaw lamang ang mga sagot ng ibang mag-aaral sa katanungan samantala yong iba naman ay may mga hugot sa kanilang buhay. Kaya ikaw bilang guro hindi rin maikakaila na manghinayanang sa kadahilanang kaya naman nilang sagutin ang tanong kaya lang nahihya sila at pinuputol kaagad ang kanilang pagsagot.

Nagpapahiwatig ito na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng motibasyon upang mapaunlad ang kanilang komunikatibong kasanayan. Marahil ang mga guro ay hinahayaan lamang ang mga mag-aaral na huwag sumagot sa mga oral recitation kaya hindi napabuti ang kanilang pagsasalita.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinang-ayunan sa resulta ng pag-aaral ni Terogo (2018), na katamtaman lamang komunikatibong kasanayan ng mga mag-aaral sa senior high school bagamat mayroon silang malawak at may kakayahang magsuri ng istruktura ng salita. Gayunpaman, hindi sila gaanong mahusay sa pagbigkas.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinang-ayunan din ng mga pahayag ng mga tagapagtalakay sa isinagawang FGD (2023). Ang mga patotoo mula sa testimonya ng mga mag-aaral ay hindi mapag-aalinlanganan.

Tagapagtalakay 3: Nailalarawan ang komunikatibong kahusayan na katamtaman lamang dahil pagdating sa pakikipagkomunikasyon hindi gaanong palasalita lalo na kapag hindi kakilala ang taong nasa paligid ko. Bilang isang mag-aaral, sinusubukan sumali sa iba't ibang patimpalak katulad ng pag kahit papaano ay mapaunlad ko ang aking komunikatibong kahusayan, pasalita man o pasulat.

Ito ay higit pang sinuportahan ng iba pang mga tagapagtalakay sa focus group discussion:

Tagapagtalakay 2: Katamtaman lamang ang komunikatibong kahusayan dahil limitado lamang ang pagsasalita. Nahihiya minsan. Sa katunayan, sa klase ay hindi ako nagtataas ng kamay. Makakasagot lamang kapag tinatawag ng guro at limitado lamang ang mga sinasabi.

Sinang-ayunan ito sa naging resulta ng pag-aaral ni Fisher na binanggit ni Salvador (2020), na ang kakayahang pangwika ay ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga istruktura ng wika at kanilang kakayahan upang makabuo at makaunawa ng maayos na pagkakabuo ng mga pangungusap.

Analysis of Variance ng Komunikatibong kahusayan sa Pagitan ng mga Antas ng Kasanayan sa Linggwistika

Ang resulta ng Analysis of Variance ng Komunikatibong Kahusayan sa pagitan ng mga antas ng Kasanayan sa Linggwistika ay ipinapakita sa Talahanayan 4. Ang resulta ay nagsasabing “walang makabuluhang pagkakaiba” sa komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school kung i-pangkat sa antas ng kasanayan sa linggwistika $F(2,391) = 0.494, p > 0.05$.

Talahanayan 4

Analysis of Variance ng Komunikatibong Kahusayan sa Pagitan ng
Mga Antas ng Kasanayang Linggwistika

Source of Variation	SS	df	MS	F
Between Groups	53.57	2	26.78	0.494 ^{ns}
Within Groups	21183.80	391	54.18	
Total	21237.36	393		

<https://ijase.org>

* $p < 0.05$ makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns $p > 0.05$ hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Nangangahulugan lamang ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school batay sa kanilang antas sa kasanayan sa linggwistika. Iminumungkahi na ang komunikatibong kahusayan ay hindi naiimpluwensiyahan ng kanilang kasanayan sa linggwistika. Anuman resulta sa komunikatibong kahusayan ay nananatili pa rin ang kanilang antas ng kasanayan sa linggwistika. Ito ay nagpapahiwatig na mapapaunlad nila ang komunikatibong kahusayan sa patuloy na pagsasanay sa pagsasalita sa pamamagitan ng pagsali sa mga talumpati, speech choir, sabayang pagbigkas atbp. at sa gabay ng kanilang guro sa oral recitation ay mahahasa din ang kanilang kasanayan sa gramatika at bokabularyo.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinuportahan ng mga argumento ng mga tagapagtalakay sa FGD (2023). Maliwanag na nagpahayag ng mga mag-aaral na:

Tagapagtalakay 5: Ang kasanayang linggwistika ay ang kaalaman sa paggamit ng bokabularyo at gramatika, ang komunikatibong kahusayan naman ay ang mabisang paggamit ng wika, kaya kung iuugnay sila kapag ang linggwistikang kasanayan ng isang tao ay mahusay, mahusay din ang kanyang komunikatibong kahusayan ibig sabihin lang noon kaya niyang ipahiwatig ang kanyang saloobin ng mabuti at mas maipapahayag niya ang kanyang saloobin sa kanyang mga sinasabi.

Sinuportahan din ng isang tagapagtalakay ang resulta ng pag-aaral sa FGD (2023). Binibigyang-diin niya na:

Tagapagtalakay 2: Nauugnay ang dalawa, ang kasanayan sa linggwistika sa komunikatibong kahusayan dahil pareho silang ginagamit sa pakikipagtalastasan. Maaring kung kulang ang kasanayan sa linggwistika, kulang rin sa kakayahan sa komunikatibo.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Wahyuni et al. (2015), na nakahanap ng isang malakas na ugnayan sa pagitan ng linggwistikong kakayahan at apat na mahalagang kasanayan sa wika: kasanayan sa pagbasa, pagsulat, pakikinig at pagsasalita. Kung saan ito dito nahahasa ang komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay taliwas sa mga antas ng communicative competence sa mga high school students na isinagawa ni Tuan na binaggit ni Salvador (2020) na ipinunto na ang kakayahan sa linggwistika ay may makabuluhang pagkakaiba.

Ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school sa mga antas sa kasanayan sa linggwistika ay tinatanggap.

*Analysis of Variance ng Komunikatibong Kahusayan
sa pagitan ng mga Antas ng Kakayahang Sosyolinggwistiko*

Ang resulta ng Analysis of Variance ng Komunikatibong Kahusayan sa pagitan ng mga antas ng Kakayahang Sosyolinggwistika ay ipinapakita sa Talahanayan 5. Ang resulta ay nagsasabing “mayroong makabuluhang pagkakaiba” ang komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school kung i-pangkat sa antas ng kakayahang sosyolinggwistika ($F=4,389$) = 5.766, $p=>0.000$.

Talahanayan 5

Analysis of Variance ng Komunikatibong Kahusayan sa Pagitan ng
Mga Antas ng Kakayahang Sosyolinggwistika

Source of Variation	SS	df	MS	F
Between Groups	1188.66	4	297.17	5.766*
Within Groups	20048.71	389	51.54	
Total	21237.36	393		

* $p<0.05$ makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

ns $p>0.05$ hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Ang makabuluhang pagkakaiba sa komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school kaugnay sa kanilang antas sa kakayahang sosyolinggwistika ay nagpapatunay na ang kanilang komunikatibong kahusayan ay naiimpluwensiyahan ng kanilang kakayahan sa sosyolinggwistika. Sa pagbabago ng antas ng kakayahang sosyolinggwistika ng mga mag-aaral, nagbabago din ang kanilang komunikatibong kahusayan. Nagpapahiwatig lamang ito na mapabuti ng mga mag-aaral ang kanilang komunikatibong kahusayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kanilang kakayahang sosyolinggwistiko. Dagdag pa, ang resulta ng pag-aaral ay nagpahiwatig na ang pagkakaiba ng kakayahan ng mga mag-aaral kung paano ipahayag ang kanilang mga damdamin at saloobin ay makakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang makihalubilo at makipag-usap sa iba. Ang komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral ay malaki ang maitutulong sa pakikipag-ugnayan. Kaya, nararapat lamang na mapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang sosyolinggwistika nang sa ganoon ay mas mapapaunlad nila ang kaniyang sarili.

Ang resulta ng pag-aaral ay sinusuportahan ng mga argumento ng mga tagapagtalakay sa focus group discussion. Ang mga pahayag ng mga mag-aaral ay malinaw na:

Tagapagtalakay 8: Naiiba ang kakayahan sa komunikatibo at sa kakayahang sosyolinggwistiko dahil marunong makipagkommunikasyon sa mga

<https://ijase.org>

magulang at kapatid pero naging tamimi kapag iba na ang kausap at madalang lamang magsalita. Hindi kayang ipahayag ang sarili lalo na kapag maraming tao.

Binigyang-katwiran ng ibang mga tagapagtalakay sa isinagawang FGD (2023) na:

Tagapagtalakay 6: Kung ako po ang tatanungin, hindi ako naniniwala na nauugnay ang kasanayang linggwistika sa komunikatibong kahusayan dahil may mga mag-aaral na magaling sa bokabularyo pero mahina sa komunikasyon dahil hindi nila ito nalilinang o nasasanay. Mahina sila sa pasalita pero magaling naman pagdating sa pasulat.

Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Martinez at De Vera (2019), na kapag ang mga estratehiyang pangkomunikatibo ay nagagamit nang maayos nagpapakita lamang na ang mga kasanayang iyon ay nauugnay pagkakaroon ng medyo mataas na antas ng kakayahang sosyolinggwistiko.

Kaya ang ipotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa mga komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school sa mga antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ay iwinawaksi.

*Pearson r sa Pagitan ng Kasanayan sa Linggwistika,
Kakayahang Sosyolinggwistiko, at Komunikatibong
Kahusayan ng mga Mag-aaral sa Senior High School*

Ang resulta ng Pearson r sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko na may ($r=1.45$, $\text{Sig}=0.004$); kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan ($r=.047$, $\text{Sig}=.349$); kakayahang sosyolinggwistika at komunikatibong kahusayan na may ($r=.165$, $\text{Sig}=.001$).

Ang Talahanayan 6 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko, at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapakita na “mayroong makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika ($r=1.45$, $p<0.05$) at kakayahang sosyolinggwistiko; samantalang “walang makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika ($r=0.047$, $p>0.05$) at komunikatibong kahusayan.

Gayundin ang resulta ng Person's r ay nagpapakita na “may makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kakayahang sosyolinggwistiko ($r=0.165$, $p<0.05$) at komunikatibong kahusayan.

Talahanayan 6

Pearson r sa Pagitan ng Kasanayang Linggwistika, Kakayahang Sosinggwistiko, at Komunikatibong Kahusayan

Baryabol	r	Sig
Kasanayang Linggwistika at Kakayahang Sosinggwistiko	.145*	0.004
Kasanayang Linggwistika at Komunikatibong Kahusayan	0.047 ^{ns}	0.349
Kakayahang Sosinggwistiko, at Komunikatibong Kahusayan	.165*	0.001

* $p < 0.05$ makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

ns $p > 0.05$ hindi makabuluhan sa antas na 5% ng alpa

Ipinakita sa Talahanayan 8 ang resulta ng pag-aaral na may mayroong makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosinggwistiko. Ang mga datos na nakalap ay nagbunga ng halaga ng ugnayan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosinggwistiko. Ipinahiwatig ng kinalabasan ng pag-aaral na ang mga mag-aaral sa senior high school ay mahusay na sinanay sa pagsasalita ng wika ng guro. Ang katotohanang ito ay humantong sa pang-unawa na ang kanilang kakayahang sa linggwistika lalo na sa gramatika at bokabularyo ay lubos na nauugnay sa kanilang kakayahang gamitin ang wika.

Ang resulta ay pinalakas ng obserbasyon nina Wahyuni, Ihsan&Hayati na binanggit ni Salvador (2020), na may malakas na koneksyon sa pagitan ng kasanayang linggwistika at kakayahang ng mga respondente sa pagsasalita. Nangangahulugan lamang na kung may sapat na kaalaman sa linggwistika ang mga mag-aaral ay magaling din sila sa pakikipag-ugnayan.

Ang talakayan sa focus group discussion ay sumuporta sa mga natuklasan. Maliwanag ang mga pahayag ng mga tagapagtalakay na:

Tagapagtalakay 7: Ang ugnayan ang dalawa ay importante sapagkat kapag mahusay sa linggwistika ibig sabihin ay maalam sa paggamit ng bokabularyo at gramatika, sa ganoon mapapadali ang pakikipagkomunikasyon sa ibang tao o naipapakita nang nang maayos ang sosinggwistikong kahusayan at ito ay nakatutulong sa pagsasalita o sa pagpapahayag ng sarili nang mabuti sa ibang tao.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinang-ayunan ni Lyle Bachman, sa pag-aaral nina Terogo, Elimino, Tallo, Sacal at Balahadia (2018) kung saan may kaugnayan ang sinasabi ng mga nagsasalita sa kanyang mga kilos na pangkomunikasyon at sa kanyang pagganap sa pamamagitan ng kanyang mga pagbigkas.

Sa kabilang dako, ang walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan ay nangangahulugan lamang na magkaiba ang dalawang kasanayan.

Ang kasanayan sa linggwistika ay maaaring paunlarin kung mahilig magbasa ang isang mag-aaral at ito ay mapapalago sa pamamagitan ng pagsulat. Ang mag-aaral ay maaaring makapagpahayag ng kanyang saloobin at damdamin sa pamamagitan ng di-berbal na komunikasyon. Samantalang ang komunikatibong kahusayan batay sa oral na komunikasyon ay pagsasalita sa harap ng tagapakinig. Kinakailangan magkaroon siya ng mapaghuhugutan ng kaalaman para maiparating ng maayos ang kanyang nais sabihin sa pasalitang paraan.

Ang mga deklarasyon ng mga tagatalakay ng FGD (2023) ay nagpapatibay sa mga natuklasan. Tahasan ang pagpapaliwanag ng mga tagapagtalakay:

Tagapagtalakay 6: Hindi naniniwala na nauugnay ang kasanayang linggwistika sa komunikatibong kahusayan dahil may mga mag-aaral na magaling sa bokabularyo pero mahina sa komunikasyon dahil hindi nila ito nalilining o nasasanay. Mahina sila sa pasalita pero magaling naman pagdating sa pasulat.

Salungat naman ang pahayag ng ibang tagapagtalakay sa isinagawang focus group discussion na:

Tagapagtalakay 5: Ang kasanayang linggwistika ay ang kaalaman sa paggamit ng bokabularyo at gramatika, ang komunikatibong kahusayan naman ay ang mabisang paggamit ng wika, kung iugnay sila, kapag ang linggwistikang kasanayan ng isang tao ay mahusay, mahusay din ang kanyang komunikatibong kahusayan. Ibig sabihin, kaya niyang ipahiwatig ang kanyang saloobin ng mabuti at mas maipapahayag niya ang kanyang saloobin sa kanyang mga sinasabi.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Mede at Dilikitas (2015), kung saan ang pag-aaral ng mga pragmatikong wika na hindi masyadong nangangailangan ng maraming kaalaman sa kodigong sosyokultural, ay nararapat gamitin sa panlinggwistika at panlipunan.

Gayundin, lumabas sa pag-aaral na “mayroong makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kakayahang sosyolinggwistika at komunikatibong kahusayan. Nangangahulugan ito na kapag ang isang mag-aaral ay matatas sa paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan at marunong din siyang makipag-usap sa mga taong nasa kanyang paligid anumang edad, maging ang katayuan nito sa buhay, at sa kahit na anong sitwasyon. Nagpapakita lamang na ang mga mag-aaral sa senior high school ay may sapat na kakayahan sa sosyolinggwistiko hindi nahihiyang ipahayag ang kanyang saloobin at damdamin. Kaya niyang makisalamuha at makipag-usap sa mga taong nakapaligid sa kanya maging ito ay bata man o matanda, estranghero man o hindi, at kaya niyang iaangkop ang kanyang sarili sa usapang kinabibilangan sa anumang pagkakataon.

Sinuportahan ang pag-aaral ng mga deklarasyon ng mga tagapagtalakay sa focus group discussion. Ang mga pahayag ng tagapagtalakay ay tiyak na nagsasabing:

Tagapagtalakay 7: Ang komunikatibong kahusayan ay nakabatay sa kakayahang sosyolinggwistiko dahil kung ikaw ay may kakayahang sosyolinggwistiko ikaw ay mahusay sa paggamit ng salita o ikaw ay socialize sa mga tao, ibig sabihin ikaw ay mayroong komunikatibong kakayahang at kapag ikaw ay may komunikatibong kakayahang, ibig sabihin ikaw ay good speaker.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa component's of language competence ni Lyle Bachman kung saan may kaugnayan ang sinasabi ng mga nagsasalita sa kanyang mga kilos na pangkomunikasyon at sa kanyang pagganap sa pamamagitan ng kanyang mga pagbigkas.

Ang ipotesis na nagsasaad walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko, at komunikatibong kahusayan ay dapat iwaksi.

Konklusyon

Mula sa mga natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Bunga ng mataas na antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral sa senior high school, may mataas na kamalayan ang mga mag-aaral sa iba't ibang salita na ginagamit sa mga akdang kanilang binabasa. Malawak ang kanilang kaalaman hindi lamang sa gramatika kundi maging sa bokabularyo na makakatulong para mapaunlad ang positibong pakikisa at interaksyon sa loob ng klase. Kung magkagayon, magiging masigla ang pagtuturo ng mga guro lahat ng mga aspeto na nauugnay sa paggamit ng wika sa pasalita man o pasulat.
2. Ang pagiging matatas sa paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan ay nagpapakita lamang na kaya nilang makipag-usap sa kahit na kanino anuman ang antas nito sa buhay, anumang edad at sa kahit na sa anong sitwasyon dahil kaya nilang iangkop ang kanilang sarili sa mga usapang kinabibilangan. Sila ay malayang makapagpahayag ng kanilang saloobin hinggil sa mga paksang tinatalakay sa klase. Makapagpahayag din sila ng kanilang opinyon o kuro-kuro tungkol sa mga nagaganap sa kanilang klasrum, sa paaralan at maging sa kanilang komunidad. Ito ay magiging gabay din nila upang tumahak ng mga propesyong katulad ng social worker dahil mas madali para sa kanila ang makibahagi sa lipunan at sa mga tao. Nararapat lamang na taglayin at panatilihin ng mga mag-aaral ang ganitong kakayahang sosyolinggwistiko.
3. Ang katamtamang resulta ng komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school ay nagpapakita na mayroon silang kaalaman na magamit ang wika sa tamang paraan ng paggamit ng gramatika ngunit kulang sila sa paggamit ng sistemang linggwistika. Sa mga kadahilang may pagkamahiyain ang mga mag-aaral sa pagsasalita lalo na kung ibang

tao ang kanilang kausap. Maaaring nag-aatubili silang sumagot lalo na't hindi nila kapalagayang loob ang kinakausap. Dagdag pa, hindi nila naipapahayag nang wasto ang gusto nilang sabihin kapag sila ay nasa isang sitwasyon. Minsan nauunahan rin sila ng kaba dahil hindi sigurado sa mga sasabihin na sa tingin nila ay hindi angkop at hindi dapat sabihin. Bunga nito, dapat malinang sa mga mag-aaral ang komunikatibong kakayahan nang sa ganoon ay maipahayag nila nang maayos ang kanilang saloobin at maproseso ang mga impormasyon at ideya na nais nilang iparating sa kanilang kausap. Kailangan malinang sa mga mag-aaral ang ganitong kakayahan dahil malaking tulong ito sa pagpapaunlad ng kanilang sarili at maging globally competitive.

4. Ang walang makabuluhang pagkakaiba sa komunikatibong kahusayan sa pagitan ng antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral sa senior high school ay nagpapakita na ang komunikatibong kahusayan ay hindi naimpluwensyahan ng kasanayan sa linggwistika. Anumang kasanayan mayroon ang mga mag-aaral sa komunikatibong kahusayan ay mananatili. Ipinahiwatig nito na maaaring paunlarin ng mga mag-aaral ang kanilang kasanayan sa linggwistika hindi lamang sa pamamagitan ng komunikatibong kahusayan ngunit sa pamamagitan din ng mga salik tulad ng pag-aaral ng bokabularyo, gramatika, sintaksis, ponolohiya, morpolohiya, atbp. at malawakang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan. Dagdag pa, ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman ng mga mag-aaral sa linggwistika ay nakatutulong sa malayang pagpapalitan ng mga ideya.
5. Ang makabuluhang pagkakaiba ng komunikatibong kahusayan sa antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ng mga mag-aaral sa senior high school ay nagpapahiwatig na naimpluwensyahan ng komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral ang kanilang kakayahang sosyolinggwistiko. Habang nagbabago ang antas ng komunikatibong kahusayan, nagbabago din ang antas ng kakayahang sosyolinggwistiko. Ipinakita nito na ang kasanayan sa linggwistika ay may ambag sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa sosyolinggwistika. Ang mga mag-aaral na magaling sa komunikasyon ay madaling makipag-ugnayan. Makatutulong ito sa kanila na makapagpahayag ng mabuti kung sila ay nagsasalita. Hindi sila mahihiyang makibagay sa ibang tao at makapagsisimula sila ng mga usapan dahil magaling sila sa pagsasalita ay may kakayahan sila na makisalamuha sa iba at gamitin ang wika na naayon sa sitwasyong kinabibilangan.
6. Ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko ay nauugnay sa pagpapaunlad ng bawat salik. Ipinakita na kapag mahusay ang kasanayan sa linggwistika, mahusay din ang kakayahang sosyolinggwistiko. Ang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan ay nagpakita ng kaugnayan ng bawat isa. Ipinahiwatig din na kapag ang kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko ay tumaas, tataas din ang komunikatibong kahusayan. Ang isa ay maaring maging salik sa pagpapabuti ng bawat isa. Ang walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan ay nangangahulugang walang kaugnayan ang kasanayan sa linggwistika sa komunikatibong kahusayan ganoon din ang komunikatibong kahusayan sa

kasanayan sa linggwistika. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mataas na antas ng kasanayan sa linggwistika ay hindi makapagpapataas ng antas ng komunikatibong kahusayan. Maaring may mga mag-aaral na may sapat na kaalaman sa linggwistika ngunit walang kakayahang makipagkomunikasyon. Kung magkagayon, nararapat na paunlarin pa ang kanilang pagsasalita sa pamamagitan ng pagsali sa mga talumpati, sabayang pagbigkas, dagliang talumpati, debate atbp. upang makapagpahayag sila nang maayos at magkaroon ng tiwala sa sarili na gamitin ang wika sa anumang sitwasyon at pagkakataon. At maging mahusay siyang tagapagsalita sa klase.

Rekomendasyon

Batay sa kinalabasan at kongklusyon na nabuo sa pag-aaral na ito, iminumungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Natuklasan na “mataas” ang antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral sa senior high school. Iminumungkahi na ipagpatuloy nila ito at sikaping mapanatili ang napakalawak nilang kasanayan sa linggwistika. Sikaping magbasa pa ng iba pang mga panitikan o artikulo para mapanatili ang mahusay na antas ng kasanayan sa bokabularyo at gramatika.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga patimpalak tulad ng Quiz Bee, HistoQuiz at pagsulat sa journalismo upang magabayan at magkaroon ng angkop na mga kaalaman ang mga mag-aaral.

Para sa Namumuno sa Paaralan, pagsikapang patuloy na maihantad ang mga guro sa Filipino sa iba’t ibang mga pagsasanay, seminars, worksyaps, at symposium upang patuloy na mapaunlad pa ang mga kasanayan at kakayahan na maibahagi sa mga mag-aaral ang kanilang kaalaman. Suportahan ang mga mag-aaral na makilahok sa mga patimpalak at iba pang mga disiplina upang magkaroon sila ng malawak na kabatiran sa mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagtugon sa mga kinakailangan ng mga mag-aaral at guro tulad ng pondo na ginagamit sa mga kagamitang pampagtuturo, seminars at mga training na dadaluhan.

2. Ipinapakita na ang antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ng mga mag-aaral sa senior high school ay “mataas”. Dahil dito, iminumungkahi na panatilihin nila ito sa pamamagitan ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa social works, pakikiisa sa work immersion, pagdalo sa mga worksyaps, seminars at symposium na makatutulong upang lalong mapanatili nila ang kanilang galing sa paggamit ng wika at pakikisalamuha.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa social works, hikayating makiisa sa work immersion, pagdalo sa worksyaps, seminars at symposium upang magabayan at magkaroon ng angkop na mga kaalaman at mas malinang ang sosyokultural na aspeto ng mga mag-aaral.

Para sa Namumuno sa Paaralan, pagsikapang patuloy na maihantad ang mga guro sa Filipino sa iba't ibang mga pagsasanay, seminars, worksyaps, at symposium upang patuloy na mapaunlad pa ang mga kasanayan at kakayahan na maibahagi sa mga mag-aaral ang kanilang kaalaman. Suportahan ang mga mag-aaral na makilahok iba pang mga disiplina upang magkaroon sila ng malawak na kabatiran sa mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagtugon sa mga kinakailangan ng mga mag-aaral at guro tulad ng pondo na ginagamit sa mga kagamitang pampagtuturo, seminars at mga training na dadaluhan.

3. Ipinapakita na "katamtaman" ng antas ng komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school. Iminumungkahi na mas linangin pa ang kakayahang ito para lalong mapaunlad ang kahusayan sa pagsasalita. Ang pagkakaroon ng isang mahusay na kasanayan ng isang mag-aaral ay tanda ng kanyang kakaibang galing. Kaya sikapin na palaging magbasa, manood ng mga makabuluhang palabas at makinig sa mga programa na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsasalita. Sumali sa mga dagliang talumpati, debate, sabayang pagbigkas atbp. Isaisip na mahalagang malinang ang pagsasalita. Sikaping magbahagi ng iyong kaalaman sa iba pang mga kamag-aral o maging sa guro at makiisa sa talakayan sa loob ng silid-aralan upang magkaroon ng maayos na pakikipagkomunikasyon.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang paglinang ng mga makabagong kaalaman sa pagtuturo. Hikayating makilahok ang mga mag-aaral sa mga sa oral recitation upang magabayan at magkaroon ng angkop na mga kaalaman sa pagsasalita o pakikipagkomunikasyon.

Para sa Namumuno ng Paaralan, pagsikapang patuloy na maihantad ang mga guro sa Filipino sa iba't ibang mga pagsasanay, seminars, worksyaps, at symposium upang patuloy na mapaunlad pa ang mga kasanayan at kakayahan na maibahagi sa mga mag-aaral ang kanilang kaalaman. Suportahan ang mga mag-aaral na makilahok sa mga iba pang mga disiplina upang magkaroon sila ng malawak na kabatiran sa mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagtugon sa mga kinakailangan ng mga mag-aaral at guro tulad ng pondo na ginagamit sa mga kagamitang pampagtuturo, seminars at mga training na dadaluhan.

4. Lumabas din sa resulta ng pag-aaral na "walang makabuluhang pagkakaiba" sa komunikatibong kahusayan sa pagitan ng antas ng kasanayan sa linggwistika ng mga mag-aaral sa senior high school. Iminumungkahi sa mga mag-aaral na panatilihin ang mga kaalaman mayroon na sa kasanayan sa linggwistika. Dagdagan pa ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa ng iba't ibang babasahin na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa linggwistika.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang kanilang propesyonal na pag-unlad upang malinang ang mga makabagong kaalaman sa pagtuturo lalo sa kasanayan sa linggwistika. ipagpatuloy ang paglinang ng mga makabagong kaalaman at estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay pa ang kasanayan sa pagtuturo.

Para sa Namumuno ng Paaralan, pagsikapang patuloy na maihantad ang mga guro sa Filipino sa iba't ibang mga pagsasanay, seminars, worksyaps, at symposium upang patuloy na mapaunlad pa ang mga kasanayan at kakayahan na maibahagi sa mga mag-aaral ang kanilang kaalaman. Suportahan ang mga mag-aaral na makilahok sa mga iba pang mga disiplina upang magkaroon sila ng malawak na kabatiran sa mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagtugon sa mga kinakailangan ng mga mag-aaral at guro tulad ng pondo na ginagamit sa mga kagamitang pampagtuturo, seminars at mga training na dadaluhan.

5. Ipinapakita na “mayroong makabuluhang pagkakaiba” ang komunikatibong kahusayan sa antas ng kakayahang sosyolinggwistiko ng mga mag-aaral sa senior high school.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang paglinang ng mga makabagong kaalaman at estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay pa ang kasanayan sa pagtuturo. Hikayating makikilahok ang mga mag-aaral sa mga sa oral recitation upang magabayan at magkaroon ng angkop na mga kaalaman sa pagsasalita o pakikipagkomunikasyon.

Para sa Namumuno ng Paaralan, pagsikapang patuloy na maihantad ang mga guro sa Filipino sa iba't ibang mga pagsasanay, seminars, worksyaps, at symposium upang patuloy na mapaunlad pa ang mga kasanayan at kakayahan na maibahagi sa mga mag-aaral ang kanilang kaalaman. Suportahan ang mga mag-aaral na makilahok sa mga iba pang mga disiplina upang magkaroon sila ng malawak na kabatiran sa mga bagay-bagay. Maging maagap sa pagtugon sa mga kinakailangan ng mga mag-aaral at guro tulad ng pondo na ginagamit sa mga kagamitang pampagtuturo, seminars at mga training na dadaluhan.

6. Ipinapakita na “mayroong makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at kakayahang sosyolinggwistiko; “walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa linggwistika at komunikatibong kahusayan”; at “may makabuluhang kaugnayan” sa pagitan ng kakayahang sosyolinggwistiko at komunikatibong kahusayan ng mga mag-aaral sa senior high school.

Para sa mga Guro, ipagpatuloy ang paglinang ng mga makabagong kaalaman at estratehiya sa pagtuturo upang mapahusay pa ang kasanayan sa pagtuturo. Iminumungkahi na patuloy na subaybayan ang mga mag-aaral upang hindi maagaw ang interes ng mga mag-aaral at mapanatili ang mahusay na kaalaman sa kasanayan sa linggwistika, kakayahang sosyolinggwistiko, at paunlarin ang komunikatibong kahusayan.

Para sa Namumuno ng Paaralan, iminumungkahi na ipagpatuloy ang suporta sa mga guro at mag-aaral sa paaralan dahil nakasalalay rin sa namumuno ng mga paaralan ang maayos na pagpapatupad ng edukasyon.

Sanggunian

Abdulrahman, Nishad & Abu-Ayyash, Emad. (2019). Linguistic competence, Communicative Competence and Interactional Competence.10.16001616.10.24297/jal. v10i0.8530. Retrieved January 12, 2023 https://www.researchgate.net/publication/337338228_Linguistic_competence_Communicative_Competence_and_Interactional_Competence

Alqahtani, (2015). The importance of vocabulary in language learning and how to be taught. International Journal of Teaching and Education, III (3), pp. 21 - 34.

Ismail, J. (2013). Exposure, Attitudes, Motivation and Achievement in ESL among Malay Learners: A Socio-Psycholinguistic Study. (Unpublished Thesis). Retrieved January 12, 2023 <http://etheses.whiterose.ac.uk/2977/>.

Josue, Ana Marie L. et al. (2020). Kominukasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Alternative Delivery Mode Modyul sa Filipino 11.

Lasala, Charita. (2014). Communicative Competence of Secondary Senior Students: Language Instructional Pocket. Procedia - Social and Behavioral Sciences. 134. 226–237. 10.1016/j.sbspro.2014.04.243. Retrieved January 2023 https://www.researchgate.net/publication/263281846_Communicative_Competence_of_Secondary_Senior_Students_Language_Instructional_Pocket

Martinez, J.L. & De Vera, P.V.. (2019). Sociolinguistic competence of foreign national college students. Asian EFL Journal. 21. 291-336. Retrieved January 28, 2023 <https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED604155.pdf>

Mede, E & Dilikitas, K. (2015). Teaching and Learning Sociolinguistic Competence: Teacher's Critical Perception. Participatory Educational Research 2(3), 14-31. Retrieved January 12, 2023 http://www.perjournal.com/archieve/issue_2_3/2-per_15-29_volume_2_issue_3_page_14_31.pdf

Obi, Nmadumelu (2020). Sociolinguistics and English Language Teaching and Learning: A Perspective of Sociolinguistic Competence. Journal of Languages, Linguistics and Literary Studies (JOLLS) Retrieved January 10, 2023 <https://jolls.com.ng/wp-content/uploads/2020/03/8-15.pdf>

Phillips, John, Chrissie Tan. "Competence, Linguistic". The Literary Encyclopedia. First published 19 July 2005 [https://www.litencyc.com/php/stopics.php?rec=true&UID=208, accessed 30 January 2023.]

Richards, Jack (2014). Definition of Grammar. Retrieved January 12, 2023 <http://www.professorjackrichards.com/definitionof-grammar/>.

Salvador, Robert T. (2020). Linguistic and Discourse Competence of Senior High School Students: Basis for Remedial Program in English. Retrieved May 25, 2023 <https://uijir.com/wp-content/uploads/2020/08/UIJIR-JULY229.pdf>

Sioco, Estrella C. & De Vera, Presley V. (2018). Grammatical Competence of Junior High School Students. TESOL International Journal. Retrieved May 15, 2023 <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1247221.pdf>

Terogo, I. R., Elimino, C. C., Tallo, J. M., Sacal, J. A. & Balahadia, C. E. (2018). Linguistic and Sociolinguistic Competence of Senior High School Students. Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 6(1). Retrieved May 14, 2023 <https://ejournals.ph/article.php?id=13079>

Tuan, V. V. (2017). Communicative Competence of the Fourth Year Students: Basis for Proposed English Language Program. English Language Teaching, 10(7), 104-122. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1144347.pdf>

Wahyuni, D. Ihsan, D. & Hayati, R. (2015). Linguistic Competence and Speaking Performance of English Education Study Program Students of Sriwijaya University. Journal of English Literacy Education, 1(2), 83-92. Retrieved January 19, 2023 <https://doi.org/10.36706/jele.v1i2.2076>